AHA! LEARNING CENTER'S

# ESKWELANG PAMILYA

/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 3-6

**Aralin 23**

| Pambungad |
| --- |
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang basahin ang ating kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong*“**Ang Paraiso ng mga Hayop** ” ***na isinulat ni Joanne De Leon***. *Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 3 - 6 - Aralin 23** |
| --- |
| Book Title: Ang Paraiso ng mga Hayop |
| Author: Joanne De Leon |
| Source: Adarna House / Buribooks |

**I. Pagbati**
Magandang araw! 😄☀️ Andito muli si Teacher ______. Sa araw na ito'y itutuloy natin ang librong 📚Ang Paraiso ng mga Hayop 📚 ni Joanne De Leon.

**II. Pangako Para sa Araling Ito** 🙏🏽
Bago tayo magsimula, ipangako natin sa isa't isa na:

(1) Dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng storya 📣
(2) Dadamdamin at sisikaping intindihin ang kwento at, 🤓
(3) Hindi matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

Huwag mong kakalimutan ha!

**III. Talasalitaan** 💬
Para mas maintindihan nang husto ang kwento, tingnan muna natin ang iilang mga salita sa ibabang makikita natin sa kwento; baka hindi pamilyar ang mga ito sa atin! Maaari ring magtanong sa mga nakatatanda kung ano ang ibig sabihin ng mga 'to kung kailangan ng karagdagang paliwanag! 🤔

**(1) Iskandalo -** kahihiyan
**(2) Nakakaangkat -** nakatataas
**(3) Dumalas -** pumalagi
**(4) Bangayan -** kaguluhan o awayan
**(5) Pagpupulong** (pang.) **-** pagtitipon

Atin nang ituloy ang kwento!
--

**IV.📚 ANG PARAISO NG MGA HAYOP NI JOANNE DE LEON**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

•Ang kuwago 🦉 ang pinaka matalino sa lahat. Nagtatago siya tuwing umaga at lumilipad ng gabi 🌙 upang makaiwas sa problema at iskandalo 🙅‍♀️🙅‍♂️. Kaya't sa kadahilanang ito, kahit ayaw man ng mga mamamayan ng Paraiso, nagsimulang mamuhay ng kanya- kanya.

•Hindi man sinasadya, ang mga malalaki ay nakasakit 🤕 ng mga maliliit. Kaya't ang mga bubuyog 🐝 ay natutong manirahan sa itaas ng puno 🌳. Ang mga lamok 🦟 naman ay natutuhang mag silid sa mga marurumi at madidilim na lugar.

•Nagkaroon ng pagbabago sa damdamin ng mga mamamayan ng Paraiso. Ang mga nasaktan ay nagagalit 😡 at natatakot 😨. Sa mga hayop na nakakaangkat ng mas maraming prutas, sila ay kinaiinggitan 😕. Dahil sa mga kwento ng loro 🦜 💬, ang mga mamamayan ng Paraiso ay nawalan ng tiwala at hindi maiwasang pag isipan ng masama ang bawat isa 🙄🤨🤔. Dumalas ang bangayan at awayan.

•Sinimulang mamagitan ng elepante 🐘. Nagkita-kita sila ng kanyang mga kamag-anak upang mag usap ukol sa kung papaano maibabalik ang kapayapaan sa Paraiso 🌄.

•Ang giraffe 🦒, zebra 🦓, gorilya 🦍 at kalabaw 🐃 ay nakisali sa kanilang ikalawang pagpupulong. Ang ibang mga hayop ay nagpunta rin sa mga sumunod na pagpupulong. At sa wakas, lahat ng mga hayop, ibon 🦜 at insekto 🐛 ay sumang ayon na dapat sila ay magmartsa nang sama- sama para sa pagkakaisa. 🥰🤝👍

•Narinig 👂 ng loro 🦜 💬 ang plano at ipinamahagi ang balita na gusto ng elepante 🐘 maging hari 👑 ng Paraiso.

•Ang leon 🦁 at ang tigre 🐯 ay galit na galit 😡 sa narinig na balita. Kaya't nagsama-sama ang mga hayop na may matatalas na mga pangil at mahahabang kuko. Hinarang nila ang pagmartsa na pinamunuan ng Elepante. 🐘

•Isang mabangis at madugong digmaan ang naganap. Maraming namatay sa magkabilang panig ☠️. Habang ang mga nabuhay nama'y sinumpang sila ay maghihiganti para sa kanilang namatay na kamag anak at kaibigan. 👊💪

•Ito ang pinaka-una at pinaka malaking digmaan sa Paraiso. Matapos nito ay sumunod ang iba't ibang digmaan na mas madugo pa kaysa sa una ☠☠☠. Ang magkabilang panig ay nagkaroon rin ng kanya-kanyang awayan at grupo. Sa kinalaunan, wala nang maka-alala 🤷‍♂️🤷‍♀️ kung ano ang dahilan kung kaya't nagsimula ang lahat ng ito. Sa huli, nakalimutan na din ng lahat ang pakiramdam ng mamuhay ng payapa. 🌿
--

Ang galing!
Natapos din natin ang kwento! Good job!

**V. Gawain** ✏
Para sa ating gawain, balikan natin ang kwento.

🔎 Anong hayop ang kinikilalang pinakamatalino sa lahat?

🔎 Dahil sa mga sakitan, napilitang mag hanap ng ibang lugar na matitirahan ang mga bubuyog 🐝 at lamok 🦟? Saan sila lumipat?

🔎 Bakit nawalan ng tiwala ang mga mamamayan ng Paraiso sa isa't-isa?

🔎 Ano ang napagkasunduang gawin ng mga hayop upang maging hudyat ng kanilang pagkakaisa?

🔎 Bakit nagkaroon ng mabangis at madugong digmaan sa pagitan ng mga hayop sa Paraiso?

**VI. Pagnilayan** 🙏🏽
Bago matapos ang ating aralin, isang activity ang aking ipagagawa sa iyo. 😉

Iguhit ang Paraiso at ang mga hayop na naninirahan doon. Ilarawan ito gamit ang apat na pangungusap.

Ano man ang iyong malikha, lagi mong tandaan na maging ang mga hayop ay may buhay din. Huwag sana natin silang sasaktan at papabayaan. Higit sa lahat, alagaan at mahalin natin sila dahil ang mga ito'y nilikha ng Panginoon.

Mga Sagot sa Gawain at Pagtatapos

**VII. Sagot sa Gawain** ✏
🔎Ang kuwago 🦉 ang pinakamatalino sa lahat. Naniniwala ka ba rito? Kung hindi, anong hayop ang pinakamatalino para sa iyo? 🤔

🔎Ang mga bubuyog 🐝 ay natutong manirahan sa itaas ng puno 🌳; habang ang mga lamok 🦟 naman ay natutunang sumilid sa mga marurumi at madidilim na lugar. Kung isa ka sa mga hayop na nakatira sa Paraiso lilipat ka rin ba kung nagkakasakitan na ang mga hayop na nakatira roon? Saan ka pupunta? 🤔

🔎Dahil sa mga kwento ng loro 🦜 💬, ang mga mamamayan ng Paraiso ay nawalan ng tiwala at hindi maiwasang pag isipan ng masama ang bawat isa. 🙄🤨🤔 Kung isa ka sa mga hayop, maniniwala ka rin ba sa mga sinasabi ng loro 🦜 💬? Ano ang gagawin mo sa kanya? 🤔

🔎Ang mga hayop ay sumang-ayon na dapat sila ay magmartsa nang sama-sama para sa pagkakaisa. 🥰🤝 Kung isa ka sa mga nakapunta sa pagpupulong ano ang imumungkahi mo na maaaring gawin upang magkaisa ang lahat ng mamamayan sa Paraiso? 🤔

🔎Dahil nagalit ang leon 🦁 at tigre 🐯 nang ipamahagi ng loro 🦜 💬 ang balita na gusto ng elepante 🐘 maging hari 👑 ng Paraiso**.**

**VIII. Pagtatapos**✔️
Magaling! 🤩

Natapos natin ang istorya! 👏

Bigyan natin ang ating sarili ng “Good Job” Clap. 👏

May parte ba ng aralin na nahirapan ka? O may gusto ka bang ibahaging mga kasagutan sa grupo natin? Magmensahe lang po sa grupo, o maaari rin imensahe kay Teacher. ❤
-

This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.